

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 2:
Kakayahan at Talento ay Gamitin,
Kapuwa at Sarili ay Pasayahin



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikalawang Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Unang Markahan – Modyul 2: Kakayahan at Talento ay Gamitin, Kapuwa at Sarili ay
Pasayahin**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Al John U. Febrero
Editor:	Benedick T. Viola, Marie Ann C. Ligsay
Tagasuri:	Augusto A. Mateo, Rosalinda S. Ibarra
Tagaguhit:	Jinky H. Martin, Imelda B. Sicat
Tagalapat:	Aiza G. Dingle
Tagapamahala:	Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas Nestor P. Nuesca, Larry B. Espiritu, Rodolfo A. Dizon Mercedita D. Saldero

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region III

Office Address: Matalino St., Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P)

Telefax: (045) 598-8580 to 89

E-mail Address: region3@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Unang Markahan – Modyul 2:
Kakayahan at Talento ay Gamitin,
Kapuwa at Sarili ay Pasayahin

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin



Ang modyul na ito ay naghanda ng mga gawaing makatutulong sa iyo na maipakita ang pagpapahalaga sa saya at tuwa na dulot nang pagbabahagi ng anumang kakayahan o talino. **(EsP2PKP-Ic-9)**

Pagkatapos ng modyul na ito ikaw ay inaasahan na:

1. Natutukoy ang mga pamamaraan upang mapaligaya ang kapuwa at sarili sa pamamagitan ng kakayahan at talento.
2. Natutukoy ang mabubuting bunga ng pagbabahagi ng kakayahan at talento.
3. Naibabahagi at naipapakita ang kakayahan at talento para sa ikabubuti ng kapuwa at sarili.



Subukin

Panuto: Gumamit ng puso  sa pahayag kung saan nagagamit ang sariling Kakayahan at talino upang mapasaya ang sarili at kapwa at tatsulok  naman kung hindi. Gawin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

1. Ibinabahagi ang kakayahan sa pagguhit ng iba't ibang likhang sining upang mapasaya ang kapuwa.
2. Ginagamit ang talino upang malamangan ang kapuwa.

3. Pinaghuusayan ang kakayahan at talento upang pamarisan.
4. Ginagamit ang kakayahan upang maiparamdam ang pagmamahal at pagpapahalaga sa kapuwa.

Aralin

1

Kakayahan at Talento ay Gamitin, Kapuwa at Sarili ay Pasayahin


Ang talento at kakayahang bigay ng Dakilang Lumikha ay dapat ipagpasalamat. Taglay ito ng bawat tao upang umunlad sa buhay, maabot ang kanilang mga pangarap at mithiin. Gayundin, upang makatulong at mapasaya ang kapuwa. Ito ay mga kahanga-hangang mga bagay na kinakailangang gamitin sa mabubuti at makabuluhang pamamaraan.

Basahin ang tulang may pamagat na “Aking Talino at Kakayahan Gagawing Makabuluhan”. Dito ay mababasa mo ang iba’t ibang gamit ng mga talino at kakayahan.

Aking Talino at Kakayahan Gagawing Makabuluhan

Ang Maykapal ay may ipinagkaloob,
mga kahanga-hangang bagay na sa akin lumukod.
Galing sa pagpinta’y aking gagamitin,
iba’t ibang obra ay aking lilikhain
puso ninyo’y pupunuin ng damdamin.
Sa boses kong parang anghel sa pag-awit,

sa puso ninyo'y iba't ibang damdami'y masasambit
 Katawan ko ay igagalaw,
 galing sa pagsayaw puso ninyo'y mapapasigaw.
 Bibigkas ng madamdaming pagtula,
 mata ng mga manonood sisikaping mapatulala.
 Mga kakayahan at talinong taglay sa inyo ibabahagi,
 magbibigay ng ngiti sa inyong mga labi.



Balikan

Panuto: Mula sa tulang binasa mo, isa-isahin ang mga talino at kakayahang nabanggit. Tukuyin mo kung paano ang mga ito ay nagamit batay sa tula. Sagutin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

Kakayahan	Gamit
1.	
2.	
3.	
4.	



Mga Tala para sa Guro

Ang **talino** at **kakayahan** ay mga bagay na iyong taglay. Ang mga ito ay nakapagbibigay ng saya sa iyong sarili at sa iyong kapuwa. Magagamit mo ang mga ito upang mapaunlad ang iyong sarili. Gayundin, upang iyong maabot ang iyong mga pangarap at mithiin sa buhay.

Ang kakayahan at talento ay maaaring hatid ng mayaman at malawak na isipan.

Mga halimbawa ng mga kakayahan at talento:

1. Pag-awit
2. Pasayaw
3. Pagguhit o Pagpinta
4. Pagtula
5. Kahusayan sa iba't ibang asignatura

Ilan lamang ito sa napakaraming kakayahan at talento na maaari mong taglayin. Sikaping gamitin upang mapasaya ang iyong sarili at kapuwa.



Tuklasin

Ang **kakayahan** at **talento** ay mahuhusay na pamamaraan upang mapaunlad ang iyong sarili at makapagbigay ng tuwa at tulong sa iyong kapuwa.

Ang bawat mag-aaral na katulad mo ay may natatanging kakayahan at talento. Sa pamamagitan nito makatutulong ka sa mga bagay na di kayang gawin ng iba upang magtagumpay sila.

Ang husay sa pagpinta, pagguhit, pag-awit, pagsayaw, pagtula ay ilan lamang sa mga maituturing na mga talento. Ang kagalingan sa iba't ibang asignatura ay maituturing din na natatanging kakayahan.

Mabuting Dulot ng Paggamit sa Kakayahan at Talento.

1. Makapagbibigay ng tulong sa kapuwa sa mga bagay na di nila kayang gawin at isakatuparan.
2. Mapaliligaya ang sarili at kapuwa sa pagbabahagi at pagpapaunlad sa sarili.
3. Mapapahalagahan ang paglinang sa sariling talento at kakayahan upang magbigay ng saya sa sarili at kapuwa.




Suriin

Panuto: Isulat ang mga titik sa mga tamang gawi upang maipakita ang pagpapahalaga sa sayang dulot ng iyong kakayahan. Sagutin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.




- A. Ipinta ang mga mahal sa buhay upang maipadama ang pagmamahal
- B. Sumali sa iba't ibang patimpalak upang mahasa ang talento at kakayahan sa pagpipinta at makapagdulot ng saya
- C. Magpinta upang mainsulto ang kamag-aral
- D. Magpinta ng mararahas na larawan upang manakot




- A. Turuan ang mga kamag-aral na nahihirapan sa aralin.
- B. Ipakita ang kagalingan upang maliitin ang iba
- C. Laging paghusayin ang kakayahan upang maging handa sa mga susunod na aralin
- D. Huwag tumulong sa kamag-aral baka maging mas mataas ang kanilang marka



- A. Alayan ng tula ang mga magulang upang maipadama ang pasasalamat.
- B. Sumali sa mga paligsahan sa paaralan upang maging mahusay
- C. Lumikha ng tula upang buskahan ang kamag-aral.
- D. Ibahagi ang kaalaman sa paglikha ng tula upangmatutuhan



- A. Lilikha ng makabuluhang bagay upang makatulong sa paaralan
- B. Huwag turuan ang mga kamag-aral
- C. Mag imbento ng mga kapaki-pakipakinabang na bagay
- D. Ipakita ang kahusayan upang magkaroon ng mataas na marka upang mapasaya ang magulang



Pagyamanin

Panuto: Piliin ang titik ng tamang sagot sa mga sumusunod na katanungan. Isulat ang iyong sagot sa kuwaderno o sagutang papel.

1. Mahusay ka sa pag-awit, paano mo gagamitin ang talentong ito?
 - A. Gagawa ng awiting may masasamang salita.
 - B. Gagamitin ito upang papurihan ang Dakilang Lumikha.
 - C. Kakantahin ang mga awiting may masamang kahulugan.
 - D. Iiwasan ang pagsali sa mga patimpalak upang mailihim ang talento.

2. Mayroon kang natatanging kakayahan, ano ang dapat mong gawin?
 - A. Hindi ko sasabihin kahit kanino.
 - B. Ikahihiya ko ang aking kakayahan.
 - C. Hindi ko ito ipapaalam kahit kanino.
 - D. Ipakikita ko at pauunlarin ko ito upang mapasaya ang kapuwa ko.

3. Si Alma ay mahusay sumayaw. Nais itong makita ng kaniyang mga kamag-aral. Ano ang dapat niyang gawin?
- A. Hindi siya sasayaw.
 - B. Liliban siya sa klase.
 - C. Aawit siya sa kaniyang mga kamag-aral.
 - D. Ipapakita niya ang kahusayan sa pagsayaw upang mapasaya ang mga kamag-aral.
4. Ano ang mararamdaman mo kapag ipinakikita mo ang iyong kakayahan sa iba?
- A. maiinis
 - B. magagalit
 - C. magiging masaya
 - D. magiging malungkot
5. Si Bela ay mahusay bumigkas ng tula. Anong mabubuting damdamin ang maaari niyang ihatid sa kaniyang kapuwa?
- A. kalungkutan
 - B. pamimintas
 - C. pangmamaliit
 - D. pagmamahal/kasiyahan



Isaisip

Ang bawat tao ay mayroong kani kaniyang _____ at _____. Sikaping pagyamanin ang kakayahang iyong taglay. Paunlarin ang mga ito, palakas in ang iyong kahinaan upang magtagumpay. Gayundin, upang magdulot ng kasiyahan sa kapuwa na makapagpapakita ng pagpapahalaga sa kanila.



Isagawa

Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot. Sagutin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

1. Mahusay ka sa pag-awit. Paano mo ito gagamitin upang mapasaya ang kapuwa?
 - A. Maging masipag sa pag-eensayo.
 - B. Umawit ayon sa kagustuhan ng iba.
 - C. Sumayaw na lamang dahil magaling dito ang kaibigan.
 - D. Sumigaw nang sumigaw upang masanay ang lalamunan.

2. Magaling kang sumayaw. Paano mo ito gagamitin?
 - A. Ikahiya ang kakayahan.
 - B. Sumali sa paligsahan sa pag-awit.
 - C. Tularan na lang ang kakayahan ng kaibigan.
 - D. Manguna sa pagbuo ng mga sayaw na kailangan sa mga programa ng paaralan.

3. May paligsahan sa pagguhit sa inyong paaralan at mayroon kang kakayahan dito. Sasali ka ba o hindi?
 - A. Hindi, dahil magaling ka na.
 - B. Oo, dahil gusto ng iyong kapatid.
 - C. Hindi, dahil may mas magaling kaysa sa iyo.
 - D. Oo, upang mapaunlad ang iyong kakayahan at maibahagi ang talento sa iba.

4. Ikaw ay may kahusayang taglay sa agham at teknolohiya paano ka makatutulong sa iba?
- A. Sasali ka upang matalo ang iyong kaaway.
 - B. Sasali ka upang mas mapaunlad ang iyong kakayahan.
 - C. Liliban sa klase dahil alam mo na ang aralin.
 - D. Hindi mo ipapaalam na magaling ka sa asignaturang ito.
5. Nalulungkot ang pinakamatalik na kaibigan. Nais mo siyang mapasaya, ano ang iyong gagawin?
- A. Hindi siya papansinin upang di madamay.
 - B. Lalayo at sasama sa masasayang kaibigan.
 - C. Gagawa ng paraan upang mas bumigat ang kaniyang damdamin.
 - D. Gagamitin mo ang iyong kakayahan upang mapasaya siya at mapawi ang kalungkutan na kaniyang nadarama.



Tayahin

Panuto: Gumuhit ng linya mula sa itim na bilog patungo sa mga hakbang na upang mapaligaya ang kapuwa sa pamamagitan ng iyong talento sa pag-awit. Gawin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.



- A. Gumawa ng mga sariling awitin upang maipadama ang pagmamahal sa kapuwa
- B. Lumikha ng awitin ng panunukso o pangbubuska
- C. Mag-alay ng awitin ng papuri at pasasalamat
- D. Gamitin ang mga awitin upang masaktan ang damdamin ng kapuwa.
- E. Pasayahin ang mga kaibigan, guro at mga magulang sa pamamagitan ng masasayang awitin



Karagdagang Gawain

Panuto: Isulat ang hinihingi ng bintana ng kakayahan at talento. Gawin ito sa iyong kuwaderno o sagutang papel.

Mga Kakayahang at Talentong Aking Taglay	Mga Taong Aking Mapapasaya at Matutulungan
Mga Hakbang Upang Makapagbigay ng Kasiyahan sa Aking Kapuwa	Mga Positibong Damdamin na maaaring Maipaparamdam Ko sa Aking Kapuwa gamit ang Aking Talento at Kakayahn



Susi sa Pagwawasto

<p>Tayahin</p> <p>A C E</p>	<p>Isagawa</p> <p>1. A 2. D 3. D 4. B 5. D</p>	<p>Pagymananin</p> <p>1. B 2. D 3. D 4. C 5. D</p>
<p>Suriin</p> <p>1. A, B 2. A, C 3. A, B, D 4. A, C, D</p>	<p>Balikin</p> <p>Pigpinta- puso ay mapupuno ng damdamin Pag-awit- iba't ibang damdamin masasambit Pagsayaw- puso mapapasaya Pagtula- mata mapapatulala</p>	<p>Subukin</p> <p>1. 1. 2. 2. 3. 3. 4. 4.</p>

Sanggunian

Victoria Guia-Biglete, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, Isabel Monterozo-Gonzales. 2013. Kagamitan ng Mag-aaral. Kakayahan mo, Ipakita mo; Kakayahan mo, Paunlarin mo; Kakayahan ko, Kahinaan Ko; Kakayahan ko, Papahalagahan ko. pp. 2-19.

Victoria Guia-Biglete, Maria Carla Mabulay-Caraan, Rolan Baldonado Catapang, Isabel Monterozo-Gonzales. 2013. Patnubay ng Guro. Kakayahan mo, Ipakita mo; Kakayahan mo, Paunlarin mo; Kakayahan ko, Kahinaan Ko; Kakayahan ko, Papahalagahan ko. pp. 3-13.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph